

PAUNANG SALITA

Paunang Salita

ni Rolando B. Tolentino

University of the Philippines Film Institute

Ang pagkaunlad ng aralin at pananaliksik sa komunikasyon ay resulta, sa aking palagay, ng simulain at pag-unlad ng disiplinang ito mula sa isang utilitarian na modelo—pragmatiko, may gamit at halaga sa komunidad, lipunan o partikular na sektor o interest group, at at may etika ng empowerment at policy advocacy kung ito ay para sa antas ng komunidad. “Development Communication” sa University of the Philippines Los Banos ang unang programa na nag-alok ng kursong akademiko sa komunikasyon noong 1962 bilang bahagi ng programa ng Department of Agricultural Communication and Information. Naging programang BA Development Communication nang matransforma ang unit sa Department of Development Communication noong 1974. Naging institute ito noong 1987 at kolehiyo noong 1998. Ang fokus ng araling development communication ay pagpapalaganap ng epektibong komunikasyon sa antas ng komunidad (at sa simulain nga nito, para sa pag-unlad ng sektor ng agrikultura) para sa higit na kapangyarihan at pag-unlad nito na nakawing sa pambansang pag-unlad. Sa kasalukuyan, ang kanyang fokus ay sa “4Es” o empowerment, equity, entrepreneurship, at environmentalism. Ang College of Development Communication ay may diin sa sensya ng pag-aaral sa disiplina kaya ang degrees nito ay BS (Bachelor of Science), MS (Master of Science), at PhD.

Ang ikalawang sangay ng araling komunikasyon ay sa pagkatatag ng Institute of Mass Communication sa University of the Philippines Diliman noong 1965 na nagsimulang mag-alok ng kursong journalism noong 1966, AB Broadcast Communication noong akademikong taong 1966-67, ng AB Communication Research noong 1975, at Film and Audiovisual Communication noong 1984-85. Naging kolehiyo ito noong 1988, at nakapag-alok na rin ng masteral sa Broadcast Communication at Journalism. Naging MA Media Studies at Communication Research ang tawag sa mga masteral na programa nito, kasama ang doctoral na pag-aaral sa Communication. Naging MA Media Studies major in Broadcast o Film, Journalism at Communication ito noong 2012, at itinatag ang PhD in Media Studies noong 2012 din. Ang undergrad na programa ay may mataas na antas ng disiplinaryong diin kahit pa may common communication at media courses para sa lahat ng mag-aaral sa kolehiyo. Ang mga masteral na programa ay interdisciplinary dahil may common media courses pa rin, dagdag pa na skolarsyip ang diin kaya maraming media practitioners ang hindi lubos

Paunang Salita

na nakakaangkop sa mga akademikong kahilingan ng programa. Nagkaroon na rin ng dalawang pagpipilian para sa doktoral na pag-aaral: Communication na may kantitatibong panuntunan pa rin sa pananaliksik, at Media Studies na mas nakapaloob sa diskurso na araling kultural at media. Bagamat ang simulain ng mga programa ay pag-aaral sa metodo at skills para sa komunikasyong pang-madla o mass communication, higit na itong pumalaot sa mas disciplinal at interdisiplinal na diin sa pag-aaral ng media at komunikasyon.

Pati ang mga garden variety na undergraduate na programa ay nakapaloob din sa modelong utilitarian: ano ang mga partikular na set skills ang kakailanganin ng mag-aaral ng communication arts (halo-halong mga kurso sa media na maaring magamit kapag pumalaot na sa industriya o hindi ang mag-aaral), media arts (skills na mas angkop sa malikhaing produksyon para sa digital era), organizational communication (skills para sa management ng mga individual at unit sa loob ng mga organisasyon para sa higit itong harmonisasyon at maximisasyon ng layon), at iba pa. Samakatuwid, hindi naihahanda nang lubos ng undergraduate na programa ang mga mag-aaral para pumaloob sa mga gradwadong programa na kasalukuyang may diin sa higit na spesialisasyon ng skills at skolarsyip. Kaya tila abnormal na entidad ang skolarsyip ng araling komunikasyon dahil pwersado ito sa gradwadong antas kahit pa wala naman itong lubos na diin sa undergraduate na antas. Maliban na lamang kung guro ng komunikasyon at media, ang skolarsyip ng araling komunikasyon sa Filipinas ay hindi pa lubos na namumukadkad para masabing ito nga ay isa nang disiplininal na larang. Nasa yugto pa lang ito nang higit na pagbwelo para umarangkada ang kakaiba at natatanging disiplina na nito na may kontribusyon sa nation-building at umaayon sa global na panuntunan sa disiplina.

Kaya mahalaga ang tampok na isyu ng *PSC Review* sa “Communication, Media and Culture” dahil dagdag ito sa pagpapayabong ng skolarsyip sa araling komunikasyon na may disciplinal at interdisiplinal na diin. Narito pa rin ang mga pag-aaral na gamit ng statistika at kalitatibong panunuri na higit na naglilinya ng disciplinal na katangian ng araling komunikasyon pero ang mga artikulo sa isyu ay may pagtatangka na ring iugnay ang mga natatanging isyu at araling komunikasyon na balangkas na may dialogo sa araling media at sa mas malawak na araling kultural. Ayon nga sa issue editor Joyce L. Ariola, ang layon ay “de-emphasizing Western or received discourse and tackling the subject of inquiry from the lens of culture; that is, grounded, specific, indigenized, local, and emergent.” Sa palagay ko, narito ang positibong direksyon ng skolarsyip ng araling komunikasyon: ang higit nitong

Paunang Salita

pagyabong sa pamamagitan ng interdisiplinary na dialogo at kritika sa araling media at kultural. May heuristiko at policy advocacy na tinutumbok ang mga pag-aaral sa araling komunikasyon sa disciplinary nitong tindig, lalo na kung dumidistansya sa kumbyenteng gamit ng positibismong konsepto at metodo. Pero may kabuluhan lampas sa kanyang larangan kapag ang araling komunikasyon ay naging mas interdisiplinary at transdisciplinary: nakakapag-ambag din ito sa dialogo at diskurso sa sining at humanidades, kulturang popular, syensyang panlipunan, syensya at lipunan, at iba pa.

Maging ang pag-aaral ng development communication at ang kapasidad nitong makapag-ambag sa komunidad ay nagbabago na rin, at kailangan nang magbago. Sa *Communication for Development A Glimpse at UNDP's Practice* (2009) ay minamapa ng United Nations Development Program ang best practices para sa C4D (communication for development) na “enables people, particularly the most disadvantaged in society, to participate in making decisions that affect their lives” (6). Ito ay gumagamit ng human-rights based approach (HRBA) na may ubod na halaga ng kapantayan (equity) at kapangyarihan (empowerment) na ang komunikasyon at informasyon ay nagsasaalang-alang ng pangangailangan ng mga mahihirap at vulnerable na mamamayan kaya ang diin sa media at lalo na ng community media ay makapagbigay ng mga plataporma para sa mga dehadong mamamayan para maunawaan at marealisa nila ang kanilang mga karapatan (7).

Malinaw na ibinabalik ng UNDP ang diskurso ng komunikasyon para sa pagbibigay-kapangyarihan sa mga naisantabing mga individual, sektor at komunidad. Habang naman ang diskurso ng akademya ay nakapabor sa interes, sa mayoryang pagkakataon, ng negosyo at estado bilang ang naging neoliberal na pagkaunlad ng araling komunikasyon at media sa partikular at ng akademya sa pangkalahatan. Kung gayon, paano ibabalik ng araling komunikasyon ang etikal na kabuluhan nito kung ang mismong pag-aaral at pagkatuto ay nakadiin sa industriya sa undergraduate na antas, at sa pagsusuri ng kahit anong isyu at konsern ng media at komunikasyon sa gradwadong antas? Paano ito makakaangkla sa heuristiko at praktikal na layon ng pagbibigay-kapangyarihan sa mga naisantabi?

Ito ang kailangang i-soulsearch ng skolarship ng araling komunikasyon at iba pang mga disciplinary na larang—ang politikal na etika ng pananaliksik: paano ito magiging makabuluhan sa antas ng mga naisantabing mamamayan, na ang mga saliksik ay nakakapagpalawak ng diskursong disciplinary at interdisiplinary, ng demokratikong espasyo sa

Paunang Salita

labas nito, at nakakapag-ambag sa kapantayan at kapangyarihan para sa lahat, lalo na ng 99 percent? Ang atas ay hindi na lamang deskriptibo ang skolarsyip sa araling komunikasyon—mga aplikasyon ng dayuhan at tradisyonal na teoryang komunikasyon sa lokal na objek ng pag-aaral—kundi kritikal sa mismong gamit ng nakagawian at umuusbong nang mga metodo at balangkas ng pag-aaral. Ang atas, gamit ang objek ng pag-aaral at higit na nakakaangkop na balangkas ng pag-aaral (etnograpiya, kritikal na pag-aaral na may reflexibong layon na pag-usapin ang teorya mula sa labas, ang datos ng objek ng pag-aaral, at ang kaalamang taal kundi man lokal, higit na teoretisasyon para makapag-ambag sa balon ng mga kaalaman at balangkas, na ang lokal na objek at hybrid na balangkas ng pag-aaral—piling paglalapat sa marxismo, feminismo, araling SOGIE, diskursong lahi at etnisidad, halimbawa—ay maaring magrepresenta sa global na kondisyon sa neoliberalismo at kritika sa kapitalismo, halimbawa) bilang paglalatatag ng higit na kritikalidad sa mga bagay na sinusuri sa araling komunikasyon.

Politikal ang napipintong diin sa hinaharap ng araling komunikasyon dahil kailangang makapag-ambag ang skolarsyip sa formasyon at transformasyon ng mga komunidad, institusyon, estado at pagkamamamayan. Lampas na ito sa lohikal na konsekwens ng diin sa skills sa undergraduate na programa na mas nakalapat sa pangangailangan ng industriya, ang araling komunikasyon ay makabuluhang katuwang sa liberal arts na edukasyon na ang undergraduate na mag-aaral at mamamayan sa loob at labas ng akademya ay kritikal na nakakasipat sa objek ng pag-aaral dahil ang kahalagahan ng skolarsyip ay nadadalumat din ang aktwal na subjek ng pag-aaral—tayo mismong mamamayan at bansa. Ang realisasyon ng mga mag-aaral, guro at skolar ng araling komunikasyon ng liberal arts na puno at pamana ng kanilang larang ang magtitiyak na ang skolarsyip, tulad ng mga artikulo sa natatanging isyu na ito, ay magkakaroon ng kabuluhan at kahalagahan lampas sa sarili nitong disiplina at poder, at pasok sa formasyon at transformasyon ng mamamayan at bansa.





Rolando B. Tolentino is faculty of University of the Philippines Film Institute and former dean of the UP College of Mass Communication. He is Director of the UP Institute of Creative Writing where he also serves as fellow, and Director for Knowledge Sharing of the UP Resilience Institute. He has taught at the Osaka University, National University of Singapore, and University of California, Berkeley. His research interests include Philippine literature, popular culture, cinema and media, interfacing national and transnational issues. He writes and has published books on fiction and creative non-fiction. He is a member of the Manunuri ng Pelikulang Pilipino (Filipino Film Critics Group), Altermidya (People's Alternative Media Network), and Congress of Teachers and Educators for Nationalism and Democracy (CONTEND-UP).